# HUMAN RIGHTS REPORT CARD

LEGEND | S - SAGOT L - LAGOT A - AMBOT



NAME
**PRESIDENT BBM**

GRADING PERIOD
**SONA 2026**

SMBA
SAGOT MO BA AKO?

| | |
|---|---|
| WAR ON DRUGS | L |
| GENDER RESPONSIVENESS | A |
| LABOR AND SECURITY | A |
| CLIMATE JUSTICE | L |
| PRESS FREEDOM | A |
| FREEDOM OF EXPRESSION AND ASSEMBLY | L |
| INDIGENOUS PEOPLES RIGHTS | A |
| CORRUPTION | L |

AMNESTY INTERNATIONAL

FINAL GRADE: **BAGSAK**

## BAGSAK NA MARKA PA RIN PARA KAY BBM SA SONA 2026

**❌ LAGOT: Accountability on the "War on Drugs"**

Hindi pa rin natitigil ang mga pagpatay. Ayon sa mga ulat, may higit 1,000 drug-related killings pa ring naitala simula 2022 sa kabila ng pangakong "bloodless" ang pagpapatuloy ng mga operasyon kontra-droga. Nakipagtulungan man sa International Criminal Court (ICC) sa pamamagitan ng Interpol ang Pangulong Marcos, Jr. upang maaresto si dating Pangulong Duterte, patuloy pa din ang pagtanggi nito sa muling pagsapi ng Pilipinas sa ICC.

**🤔 AMBOT: Gender Responsiveness**

Umabot sa mahigit 6,000 kaso ng Violence Against Women and their Children (VAWC) ang naiulat noong 2025 sa kabila ng mga talumpati ng pangulo sa UN Commission on the Status of Women (CSW) at ASEAN tungkol sa pagsusulong sa mga usaping gender-related. Patuloy din ang transphobia at hate crimes laban sa mga transgender women sa bansa. At hanggang sa 20th Congress, hindi pa din nabibilang sa 40 priority legislations ng pangulo ang SOGIE Equality at Comprehensive Anti-Discrimination Bill.

**🤔 AMBOT: Labor and Security**

Nagdulot ang digmaang US-Iran ng halos 50% na pagtaas sa presyo ng mga produktong petrolyo na nagbunsod sa mga maliliit na negosyo na magsara kung saan higit 300,000 trabaho ang nawala, na lubha pang mas nagpahirap sa sambayanang Filipino. Sa kabila ng pagkakaroon ng EO 110 o State of National Energy Emergency, hindi naipatupad ng pangulo ang fuel excise tax relief. Umabot na din sa 7.2% ang inflation, at tinatayang may 2.5M Filipino na ang walang trabaho sa kasalukuyan.

**❌ LAGOT: Climate Justice**

Sunod-sunod ang mga sakunang tinawag ng pangulong "new normal" na dapat ay makasanayan na ng mga Filipino sa kabila ng kakulangan ng kanyang gobyernong magpatupad ng maayos na disaster relief, rescue, and rehabilitation. Patuloy din ang paglapastangan sa likas na yaman ng bansa sa kabila ng pagdurusa ng maraming komunidad na biktima ng mga pagmimina at mas lumalalang kondisyon sa klima.

**🤔 AMBOT: Press Freedom**

Umakyat sa 114 mula 116 ang Pilipinas sa World Press Freedom Index sa kabila ng pagbaba ng score ng malayang pamamayahag larangang sa pulitikal, lehislatura, at seguridad. Hinatulan si Frenchie Mae Cumpio ng Terrorism Financing, at may naitalagang tatlong mamahayag na pinaslang ngayong taon. Patuloy na mapanganib ang bansa para sa mga mamahayag, patunay sa iniulat ng UN Special Rapporteur on Freedom of Expression and Opinion kamakailan.

**❌ LAGOT: Freedom of Expression and Assembly**

Hindi nabago ang sitwasyon para sa mga Human Rights Defenders (HRDs) na patuloy na nakararanas ng red-tagging mula NTF-ELCAC at security forces. May naitala ding mahigit 200 kaso ng extrajudicial executions, higit 500 kaso ng illegal detention at higit 100 political prisoners sa ilalim ng administrasyong Marcos. Higit na lumala din ang marahas na dispersal ng mga protesta at pagtrato sa mga HRDs. Patuloy na mapanganib para sa mga Filipino ang pagpapahayag ng pananaw at pakikilahok sa mga demonstrasyon at protesta.

**🤔 AMBOT: Indigenous Peoples Rights**

Sa kabila ng pagkakaroon ng Certificate of Ancestral Domain Title (CADT) ng mga Lumad sa ilang bahagi ng Mindanao, hindi nababago ang kalagayan ng kanilang pamumuhay. Nanatili silang nasa laylayan ng lipunan at nakararanas ng matinding diskriminasyon,

**❌ LAGOT: Corruption**

**LAHAT NG KURAKOT, DAPAT MANAGOT!**

*References listed on Amnesty's website.*

*Read more on:*
*www.amnesty.org.ph*